



9 na taon

Magkano ang magagastos sa pagpapa-aral sa kumpulsaryong edukasyon?

Mula elementary at junior high school, kasabay ang pagtaas ng gastusin

Ang elementary at junior high school ay parehas kumpulsaryong edukasyon subalit ang gastusin sa JHS ay mas malaki. Alamin natin ang taonang binabayaranang school fees at school lunch fees sa pangkaraniwang public junior high school.

【Gastusin sa pag-aaral】131,534 yen

Libre ang matrikula sa kumpulsaryong edukasyon pero may mga babayaran kagaya ng para sa field trips, PTA fee, at sa mga kagamitang pang eskuwela. Sa junior high school ay kailangan ang uniporme na pamasok at pang PE o gym (iba ang pang summer at pang winter) at liban sa sapatos na pamasok kailangan din nila ang gym shoes at indoor shoes at school bag.

Gayun din, sa JHS ay may mga clubs silang sinasalihan, kagaya ng sports club na kung saan kailangan nila ng iba pang uniporme sa pagsali sa paligsahan, sa pang-praktis, sports shoes, bag at iba pang gamit at gastusin sa pagpunta sa mga palaro sa ibang lugar. Sa iba pang clubs, kagaya ng brass band club, kailangan ang pang gastos para sa maintenance ng instrumentong gamit.

【Gastusin para sa school lunch】36,114 yen

May mga nakapagsabing ang school lunch sa Japan ay isa sa mga pinakamasustansyang school lunches sa buong mundo. At totoo ngang ang school lunch sa Japan ay pinaghahandaang mabuti ng mga staff at nutritionists para ito ay maging balanse, sa paggamit ng iba't ibang uri ng ingredients kagaya ng kanin, karne, isda, mga gulay. Sa paggamit ng mga produktong lokal, ang mga bata ay nagkakaron ng pang-unawa ukol sa pamumuhay ng kanilang sariling komunidad.

Ang school lunch ay binabayaran ng mga magulang, subalit nitong mga huli ay dumarami ang hindi o ayaw magbayad. Kung tutuusin ang isang lunch ay 250~300 yen at ang mga bata ay nakakakain ng balanse at tama sa nutrisyon kung kaya't sana unawain ng mga magulang na ang kanilang ibinabayad ay para sa pagbili ng mga ingredients para sa araw-araw na tanghalian ng mga mag-aaral. Kaya't huwag nating kakalimutan ang regular na pagbayad.

Para sa mga pamilya na nahihirapan sa pinansyal na gastusin, may mga suportang maaring matanggap. Magkonsulta lamang sa eskuwelahan para sa aplikasyon sa suporta sa mga gastusing kagaya ng kagamitan sa eskuwela, field trips, pagpapagamot, o kaya para sa school lunch. Gayundin ang PTA ay nagsasagawa ng pagbebenta ng mga used uniforms. Maaring mahirap magamit ulit yung PE uniforms dahil nakaburda ang pangalan pero maari kayong makakuha ng school uniform na magkakasya sa inyong anak. Tingnan ang mga sulat galing sa school para malaman ang impormasyon. Kung nahihirapan sa pagbasa ng mga sulat, magsadya lamang sa FICEC..

Pag-uulat ni Ms. Naomi Ueshima

Gastusin ng mga estudyante ayon sa survey ng Ministry of Education sa taong 2012

Gastusin sa pag-aaral	131,534 yen
Gastusin para sa school lunch	36,114 yen
Iba pang gastusin(cram school at iba pa)	282,692 yen
Total	450,340 yen

Tungo sa pagiging multicultural



Kailangan namin ang inyong suporta

Mga supporters na magiging haligi tungo sa magandang kinabukasan

Para mas mapalaganap ang mga aktibidades at mga ebento ng FICEC sinimulan ang pagtatanggap ng donasyon mula sa mga gustong maging supporters.

Ang mga magiging supporters ang magpapasiya kung paano gagamitin ang pondong ibinigay. Tingnan ang listahan ng mga aktibidades at piliin ang nais tulungan.

1

International Children's Club

Sumusuporta sa pag-aaral ng mga batang ang magulang ay dayuhan. (tuwing Sabado at pag mahaba ang bakasyon 1~2 beses pa sa isang linggo. Sa kasalukuyan ay libre ang ginagamit na study room. Dahil sa pagdami ng mga batang nag-aaral binabalak naming dagdagan ang study rooms. Subalit kakailanganin ang panggastos.

Kailangang pundo para sa isang taon ay 270,000 yen (para sa upa, mga libro, at mga gamit sa pag-aaral)




2

Babasahing may mga Impormasyong nakasalin sa iba't ibang wika

Gabay sa araw-araw na pamumuhay ay nakasalin sa 7 na wika kada buwan. Ito ay libre at makukuha sa mga munisipyo sa buong Saitama Pref., sa community centers at police stations. Balak din naming magpadala sa mga kindergarten at nurseries.

Taonang pundong kailangan: 500,000 yen



3

Japanese Class

Pag-aaral ng Nihongo, tuwing Huwebes para sa mga dayuhang residente upang sila ay matulungan sa pang-araw araw na pamumuhay dito sa Japan. **Taonang pundong kailangan: 200,000 yen (Books, copy, teacher seminars)**



4

Pagbabago ng website

Ang bilang ng bumibisita sa website ng FICEC ay umaabot ng 370,000 taon-taon. Sa 2014 para mas madali ang paggamit ng mga dayuhan ay nais naming dagdagan ng mga pagbabago sa website. **Taonang pundong kailangan: 100,000 yen (para sa translation fees, system design at design fee)**

5

Gastusin sa pamamahala ng FICEC

Ang FICEC ay umuupa ng isang kuwarto sa Ureshino Machizukuri Hall sa Fujimino-shi para sa mga multicultural na aktibidades ng mga dayuhang residente. **Taonang pundong kailangan: 2,850,000 yen. (Para sa upa, gastusin ng shelter, at iba pang gastusin)**

Donasyon: 1,000 yen o higit



May sistema ng pagbawas para sa 2,000 yen o higit pa para sa taunang Kontribusyon (income tax deduction)

- Isulat ang mga sumusunod sa payment slip sa post office: ● Numero ng aktibidad na gustong tulungan
- Tirahan ● Pangalan ● Telepono
- Makipag ugnayan para sa contribution subtraction meron mang resibo o wala

■ Pagbabayad sa postal transfer
Account No. : 00110-0-369511
Account Name : (NPO) Fujimino International Cultural Exchange Center
※ Kontribusyon ay maari sa postal transfer o kaya mismo sa tanggapan ng FICEC.